**NAETISL**
National Association of Educational Translators and Interpreters of Spoken Languages

**MODDC**
Missouri Developmental Disabilities Council

# Pag-unawa para sa Behavior Intervention Plans (Plano ng Interbensyon sa paguugali o BIPs): Gabay para sa mga Magulang

**Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.**

naetisl@gmail.com
www.naetisl.org
NAETISL
Follow us
MODDC
moddc@moddcouncil.org
www.moddcouncil.org

# Pag-unawa sa Behavior Intervention Plans (Plano ng Interbensyon sa Pag-uugali o BIPs): Gabay para sa Magulang

## Ano ang Behavior Intervention Plan (BIP)?

Ang Behavior Intervention Plan ay isang nakasulat na plano na dinisenyo upang tulungan ang isang magaaral na palitan ang mahihirap nap ag-uugali ng mga positibong asal. Nilalaman nito ang mga estratehiya, suporta, at interbensyon na gagamitin ng mga guro at kawani upang matulungan ang iyong anak na magtagumpay sa paaralan. Maaari ring maglaman ang Behavior Intervention Plan (BIP) ng mga estratehiyang magagamit ninyo sa bahay upang suportahan ang iyong anak.

## Lahat ba ng mga-aaral na tumatanggap ng serbisyong edukasyon espesyal ay may BIP?

Hindi. Ang mga BIP ay ginagawa para sa mga indibidwal na mag-aaral ma maaaring makinabang dito. Maaari ring magkaroon ng BIP ang mga mag-aaral na hindi tumatanggap ng serbisyong edukasyong espesyal.

## Bakit maaring kailanganin ng aking anak ang BIP?

Ginagawa ang BIP kapag ang pag-uugali ng isang mag-aaral ay patuloy na nakakaapekto sa kanyang pagkatuto o sa pagkatuto ng ibang mag-aaral, at hindi ito bumubuti sa karaniwan suporta.

Halimbawa, maaaring makatulong ang BIP sa isang mag-aaral na tumatangging gumawa ng gawain sa paaralan araw-araw o sa isang mag-aaral na paulit-ulit na sumusubok umalis ng silid-aralan o gusali ng paaralan nang walang pahintulot.

## Paano naiiba ang BIP sa karaniwang mga patakaran sa silid-aralan?

Habang ang mga patakaran sa silid-aralan ay para sa lahat ng mag-aaral, ang BIP ay isinasaayos para sa indibidwal. Ito ay nakabatay sa particular

na pngangailangan at dahilan ng pag-uugali ng mag-aaral. Nagbibigay ito ng ankop na suporta upang matutunan ng mag-aaral ang mas angkop na paraan ng pag-uugali.

## Sino ang gumagawa ng BIP?

Kung ang mag-aaral ay tumatanggap ng serbisyong edukasyong espesyal, ang pangkat ng IEP team ang bumubuo ng BIP. Depende sa sitwasyon, maaring gawin ang BIP sa taunang IEP meeting o idagdag ito sa IEP. Ang mga magulang ay kabilang sa koponan ng IEP at dapat isama sa prosesong ito.

Kung ang mag-aaral ay hindi nakakatanggap ng special serbisyong edukasyong espesyal, karaniwang ang pangkat ng suporta sa mag-aaral ang bumubuo ng plano.

## Paano binubuo ang BIP?

Bago gumawa ng BIP, nagsasagawa ang paaralan ng Functional Behavioral Assessment (FBA).
Tinutukoy sa pagsusuring ito ang:

- Ano ang itsura ng pag-uugali
- Kailan at saan ito nangyayari
- Bakit ito nangyayari (layunin nito tulad ng pagiwas sa gawain, paghahanap ng atensyon, o pangaingailangan pandama)

Pagkatapos, binubuo ang BIP batay sa resulta ng FBA at kasama rito ang mga estratehiya sap ag-iwas, pagtuturo ng bagong kasanayan, at mga paraan ng positibong pagpapalakas ng asal.

## Ano ang nilalaman ng isang komprehensibong BIP?

Ang maayos na BIP ay dapat:

- Malinaw na inilarawan ang target nap ag-uugali (ang asal na kailngan bawasan o palitan)
- Tukuyin ang mga sitwasyon o dahilan na napapasimula o nagpapalala ng paguugali
- Maglista ng mga positibong estratehiya upang maiwasan ang problemang pag-uugali
- Magturo ng kapalit na kasanayan o coping skills
- Maglaman ng toyak na gantimpala o reinforcement para sa positibong asal
- Ilarawan kung paano tutugon ang mga kawani kapag naganap ang problemang pag-uugali
- Tukuyin kung paano susukatin at susuriin ang progreso

## Paano ko masuportahan ang BIP sa bahay?

Maari mong:

- Panatilin ang pare-parehong wika at mga inaasahan sa tahanan at paaralan
- Makipag-ugnayan nang regular sa mga guro tungkol sa mga epektibong paraan
- Palakasin ang positibong pag-uugali sa araw-araw na gawain
- Ipagdiwang ang maliliit na progreso, mahalaga ang konsistensi at paghihikayat

## Paano ko malalaman kung epektibo ang BIP?

Makakatanggap ka ng mga update sa pamamagitan ng progress reports, mg pagpupulong, o pang araw-araw na log ng komunikasyon. Kung may pagbubuti sa pag-uugali, maaaring iakma ang plano upang mapanatili ang progreso.

Kung wala, susuriin ng pangkat ang datos at babaguhin ang plano kung kinakailngan.

**Paano kung hindi ako sang-ayon sa BIP o sa tingin ko ay hindi ito epektibo?**

May Karapatan kang humiling ngmeeting anumang oras upang surrin o baguhin ang plano. Maari mong:

- Hilingin ang pagsusuri ng datos
- Humiling ng karagdagang suporta o pagbabago sa mga estratehiya
- Ibahagi kung ano ang epektibo (o hindi  epektibo) sa bahay